**Pamagat**: Kombersyon o Pagbabagong-loob, Ano ba Ito?

**Texto**: Ephesians 1:3 "Blessed be the God and Father of our Lord Jesus Christ, who hath blessed us with all spiritual blessings in heavenly places in Christ:"

> Pagsasalin: *Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo na siyang nagpala sa atin ng bawat pagpapalang espirituwal sa kalangitan sa pamamagitan ni Cristo*. (Efeso 1:3)

**Panimula**:
1. Ang paksa natin ngayon ay simple lang: Ano ba ang kombersyon (o pagbabagong-loob)?
2. Ang kombersyon ay ang pagbabago sa buhay, ito ay gawain ng Dios sa kaluluwa ng tao. Ito ay ang panunumbalik ng tao sa Dios. Ang Dios ang nagbibigay ng espirituwal na buhay at ito ang dahilan kung bakit nagbago ang buhay ng tao. Hindi lamang ito pagbabago ng relihiyon – pero siyempre kasama narin ito.
3. Susuriin natin ngayon kung ano ang kombersyon ayon sa Banal na Kasulatan.

I. **Ito ay Gawa ng Dios**. Hindi maaring gawin ito ng tao para sa kanyang sarili. (v.3a)
- Ang tao ay maaring manalangin, pero ito ay gawa ng Dios.
- Ito ay gawa ng pagpapala o biyaya ng Dios. "Gracia" – (v.2) ito ay hindi karapadapat na pabor, kabaitan, at awa.
- Ang Dios na dakila ang Siyang kumikilos para sa mga walang kapangyarihan.
- Ako ay isang nahatulan na tao, walang pag-asa, makasalanan. Na sa Kanya ang kapatawaran, at kapangyarihan upang bagohin ako.

II. **Ito ay Dahil kay Jesu-Cristo**. (v.3b) "in Christ." Si Jesus lamang ang tangging Tagapagligtas.
- Siya ay Dios Anak na nagkatawang tao upang gumawa ng pagbabayad-sala para sa kasalanan ng sanglibutan.
- Siya ay naging "substitute" (kapalit) natin – ang parusa na natikman niya ay para sa akin. Tiniis Niya ang pisikal at espirituwal na paghuhukom ng Dios para sa atin.
- Inialay Niya ang kanyang walang kapitansang katuwiran para sa lahat ng umaasa sa Kanya. Lahat ng espirituwal na pagpapala ay galing sa Kanya lamang.
- Kapatawaran, bagong buhay sa kaluluwa, ang kaluwalhatian ng Langit.
- Naranasan mo na ba ito sa iyong buhay? Sa iyong puso't kaluluwa?

III. **Ito ay Pagbabago ng Katayuan o Kalagayan**. Dati ang katayuan natin ay hindi katanggap-tanggap sa Dios. Dati tayo ay hindi kasapi sa Kanyang pamilya.
- Wala tayong pakikisama sa Kanya. Ang totoo ay tayo ay tinanggihan ng Dios.
- Pero noong tayo ay nagsisi at tinanggap natin si Jesus tayo ngayon ay ginawang mga anak ng Dios. Sa pamamagitan ni Jesus tayo ay tinanggap ng Ama. Binigyan tayo ng buhay na walang hanggan. Tagapagmana ng walang hanggan, at kapwa-tagapagmana na kasama ni Cristo. Ang Dios mismo ay ang ating dakilang Tagatangkilik!
- Tanong: Nagbago ba ang iyong kalagayan? Rebelde kapaba sa Dios? Malinis ka ba? Mayroon ka bang kabanalan?
- Ang pagbabago ng Katayuan ay nagdudulot ng liwanag. Parang dati bulag ka, pero ngayon nakikita mo ng mahusay ang Panginoong Jesus! Dati ako ay makasarili, pero ngayon ako ay disipulo ng Panginoon, alagad ng Dios.

**Katapusan**:
1. Ang kombersyon bagama't ito ay gawa ng Dios, ito rin ay sumasaatin sa oras na tayo ay magsisi at sumampalataya sa Panginoong Jesus.
2. Nawa tulungan ka ng Banal na Espiritu at siyang gumawa sa iyong kaluluwa ng tunay na pagbabagong-loob.